

## **Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakatantay-pantay ng lahi**

### **Konseho sa Paglinang ng Sining ng Hong Kong (Hong Kong Arts Development Council)**

Ang Konseho sa Paglinang ng Sining ng Hong Kong (HKADC) ay isang kinatawan ng batas na sumusuporta sa malawakang paglinang ng sining at kultura sa Hong Kong. Kabilang sa mga pangunahing tungkulin nito ang paglalaan ng pondo, patakaran at pagpapalano, adbokasiya, pagtataguyod at pagsusulong, at pagpapalano sa programa.

#### **Mga Serbisyong May Kinalaman**

- Kabilang sa mga pangunahing bahagi ng serbisyo ng HKADC ay ang pagbibigay ng iba't ibang iskema sa paglalaan; pagsasagawa ng mga programa sa pagtataguyod ng sining at edukasyon; pagsuporta sa mga pangkat at mga alagad ng sining na lumahok sa mga gawaing pagpapalitan ng kultura at pagtatanghal ng sining; at pagpapatupad ng mga proyekto para sa lugar ng sining.

#### **Umiiral na Mga Panukala**

- Ang nilalaman ng websayt ng HKADC ay parehong inilathala sa Tsino at Ingles. Ang mga pagpupulong ay maaaring isagawa sa paraang patatlong wika (Ingles, Cantonese at Putonghua) kung naaangkop.
- Ang mga form para sa aplikasyon ng iba't ibang iskema ay nakalimbag sa Tsino at Ingles.
- Makipag-ugnay sa mga serbisyong pagsasalin kung naaangkop at kinakailangan.
- Ang HKADC ay nakatuon sa pagtataguyod ng sining sa lahat ng mga miyembro ng komunidad, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

**Pagtatasa ng  
Gawain sa  
Hinaharap**

- Patuloy na itaguyod at panatilihin ang kapaligirang pantay-pantay ang lahi ng HKADC.
- Manatiling nakasubaybay sa hinaharap na mga pagsusulong na ligal o kung hindi man; at pana-panahong susuriin ang aming mga serbisyo.

**Mga Karagdagang  
Panukalang  
Ipinatupad/  
Ipatutupad**

- Hihikayatin ng HKADC ang mga kawani na dumalo sa mga kaugnay na pagsasanay upang mapahusay ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

**Mga katanungan/reklamo**

Ang mga katanungan / reklamo ay maaaring isagawa sa Office Administration Manager sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:

Telepono : (852) 2827 8786  
Fax : (852) 2519 9301  
Email : [hkadc@hkadc.org.hk](mailto:hkadc@hkadc.org.hk)

Adres : 10/F, 1063 King's Road, Quarry Bay, Hong Kong

**Konseho sa Paglinang ng Sining ng Hong Kong  
Mayo 2020**